OCRA

Ang Opisina sa Pagtataguyod ng mga Karapatan ng mga Kliyente (OCRA, Office of **C**lients' Rights Advocacy) ay isang pambuong-estadong opisina na pinapalakad ng Mga Karapatan ng May Kapansanan ng California (Disability Rights California), dating Proteksiyon at Pagtataguyod, Ink. (Protection & Advocacy, Inc.), sa pamamagitan ng isang kontrata sa Departamento ng mga Serbisyong Pampaunlad ng California (California Department of Developmental Services). Ang OCRA ay may Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng mga Kliyente (CRA, Clients' Rights Advocate) sa bawat panrehiyong sentro. Ang CRA ay isang tao na sinasanay upang tumulong sa pagsanggalang sa mga karapatan ng mga taong may kapansanan hinggil sa pagtubo.

Sino ang maaaring makakuha ng mga serbisyong pagtataguyod ng mga karapatan ng mga kliyente?

Sinumang taong may kapansanan, miyembro ng pamilya, o interesadong tao ay maaaring magtanong sa isang CRA tungkol sa mga karapatan ng sinumang may kapansanan. Sasagutin ng CRA ang iyong mga katanungan o isasangguni ka sa iba pang mapagkukunan ng impormasyon.

Ang Iyong Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng mga Kliyente (CRA):

- Ay maaaring kumunsulta sa at tumulong sa sinumang may kapansanan at ang kanilang mga pamilya upang makakuha ng mga serbisyo.
- Ay maaaring direktang kumatawan sa sinumang may kapansanan sa mga administratibong pagdinig.
- Ay maaaring magbigay ng pagsasanay tungkol sa mga karapatan ng mga mamimili, kanilang mga pamilya, mga tagapagbigay ng serbisyo sa panrehiyong sentro, at mga interesadong grupo ng komunidad.
- Ay maaaring mag-imbestiga ng mga reklamo tungkol sa pagtanggi ng anumang karapatang taglay ng isang mamimili, kung ang reklamo ay naglalakip ng isang pasilidad.
- Ay maaaring sumiguro sa pagpapatupad ng batas na may kinalaman sa isang pagtanggi ng mga karapatan sa isang pasilidad.

Maaari kang magsampa ng karaingan kung ikaw ay hindi nasisiyahan sa mga serbisyong ibinigay sa iyo ng OCRA.

Anu-anong mga isyu ng serbisyo/ahensiya ang maaaring maitulong ng CRA sa akin?

Mga paaralan
Panlipunang Paseguro
Medi-Cal
Kapabayaan
Rehabilitasyon ng Mental na Kalusugan
Diskriminasyon
Mga Panrehiyong Sentro
Mga Serbisyong hatid sa Bahay
Pribadong Insurance
Pangangalaga
Pang-aabuso
Day Care
Pang-kriminal na Bagay-Bagay
Personal na Awtonomya
Conservatorship at
Mga Alternatibo
Iba pang mga aspeto ng batas

Paano magpapasiya ang CRA kung ako'y direktang mapangangatawanan?

Sa pagpapasiya sa pangangatawan sa'yo nang direkta, isaalang-alang ng OCRA:

- Ang mga katangian ng iyong angkin
- Ang iyong kakayahan para itaguyod ang iyong sarili
- Ang pagkakaroon ng mapagkukunan ng OCRA
- Ang iba pang mga pagkukunan ng pagtataguyod na maaari mong gamitin

at ano ang magagawa sa iyo ng iyong Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng mga Kliyente?

www.disabilityrightsca.org

Ang pangalan at numero ng telepono ng iyong CRA ay:

O maaari kang tumawag sa:

1-800-390-7032
916-575-1615 Voice
877-669-6023 TTY
916-575-1623 FAX

Likhang-sining ni Bob Sulin ang naggagayak sa pabalat. Isang residente ng Sacramento, ang sining ni Sulin ay naitanghal sa mga eksibit sa buong California. Siya ay pangunahing gumagamit ng mga pintura, mga seramik at mga pamprintang mga bloke, at kilala sa kanyang komikong ekpresyon at pampulitikang pang-uuyam. Si Sulin ay isang estudyante sa Short Center North at isang mamimili sa Panrehiyong Sentro ng Alta California.

Publikasyon #5015.01
Binago Oktubre 2008

Ano ang Opisina sa Pagtataguyod ng mga Karapatan ng mga Kliyente?